



Disyembre 2016

Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

Palawakin ang ugnayan sa kaakit-akit na Woodblock Print - "HANGA"...

「HANGA sa Gifu」 - Exhibit

Ang HANGA sa Gifu ay pumupukaw ng atensyon sa abuong bansa. Sa pagkakata-ong ito, sentro ng exhibitang imprenta ng gawa ni G.



«Katsura Imperial Villa»1960 - G. Doshun Mori

Doshun Mori at ng iba pa na pag-aari ng museum naito. Sa pamamagitan ng DNA ng bookplate ng minanang HANGA sa Gifu ay patuloyang paglawak ng bagong ekspresyon ng mga larawan, CG at iba pa. Ang makabagong gawa sa mga ito ay ipakikilala sa mga workshop ng mga artist at sa paaralan.

◆**Petsa:** Enero 12, 2017 (Huwebes) ~ Pebrero 26, 2017 (Linggo)

◆**Lugar:** The Museum of Fine Arts, Gifu (Gifu Shi Usa 4-1-22)

◆**Admission Fee:** Ordinary ¥330, College/University Student ¥220

◆**Para sa Katanungan:** The Museum of Fine Arts, Gifu

☎058-271-1313 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

FAX 058-271-1315

●**Populasyon sa Prepektura** Prefectural Government Public Relations TV Program
2,031,903
「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televised
(Palabas) Huwebes 18:53~18:57
(Replay) Linggo 20:56~21:00

●**Bilang ng Sambahayan sa Prepektura**
753,212

※Mula Oktubre 1, 2015 hanggang kasalukuyan (2015 National Census Result)

Mapapanood rin si MINAMO... Manood kayo!!



Facebook 「Seiryu no Kuni Gifu」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!

フェイスブック 岐阜県 ミナモだより

nanapin

Exhibit ng Proyekto

「Nilikhang Tampok ng Usapin」

Ilalagay sa exhibit ang mga koleksyon ng mga nilikha mula noon hanggang ngayon ayon sa henerasyon tulad ng frilled lizard at wooperlooper na



Wooper Looper

tampok ng usapin sa media at iba pa. Tiyak na masisiyahan ang mga maliliit na mga bata gayundin ang mga adulto.

◆**Petsa:** Disyembre 17, 2016 (Sabado) ~ Abril 9, 2017 (Linggo)

◆**Lugar:** World Freshwater Aquarium Aquatotto Gifu (Kakamigahara Shi, Kawashima Kasada-machi1453)

◆**Admission Fee:** Adult ¥1,500; Jr.・Sr. High Sch. Students ¥1,100

Elementary Sch. Students ¥750; Pre-schooler ¥370

◆**Para sa Katanungan:** World Freshwater Aquarium Aquatotto Gifu

☎ 0586-89-8200 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

FAX 0586-89-8201

◆**Hanaping Salita:** アクアトト

Kahon ng Impormasyon

Konsultasyon Libreng Konsultasyon sa Abogado

Ang mga legal expert ang tutugon sa mga konsultasyon. ※Kailangan ng aplikasyon.

●**Petsa at Oras:** Disyembre 7 at 21 (Miyerkules); alinman ay 1 p.m.~3:30 p.m.

●**Lugar:** General Consultation Center for Gifu Citizens

Fureai Fukuju Kaikan 5th Flr. Bldg. 1 (Gifu Shi Yabuta Minami 5-14-53)

●**Paraan ng Konsultasyon・Panayam:** (1 tao/20 minuto) 8 katao sa bawat araw (first come, first served).

●**Pagtanggap:** Mag-aplay sa pamamagitan ng telepono 2 araw bago ng petsa ng konsultasyon.

※Aalamin ng kawani kung tungkol saan ang nilalaman ng konsultasyon.

●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** General Consultation Center for Gifu Citizens

☎058-277-1001 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●**Hanaping Salita:** 岐阜県 面接法律相談

Impormasyon School for Special Needs' 2nd Art Exhibit ~ Damhin ang Lupa ~

Ang 8 paaralan ng School for Special Needs sa prepektura ay mayroong exhibit para sa resulta ng pagsisikap sa paggawa ng pottery works at instalasyon (gawang ginamitan ng espasyo) gamit ang katangian ng 「LUPA」.

●**Petsa at Oras:** Enero 9, 2017 (Lunes · Holiday) ~ Pebrero 3, 2017 (Biyernes) 9:00 ~ 17:00 (hanggang 3 p.m. sa huling araw)

●**Lugar:** Gifu Seiryu Bunka Plaza 1st Flr. Prefectural Gallery of Culture and Arts (Gifu Shi Gakuen-cho 3-42)

●**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Education and Culture Foundation

☎058-233-8164 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-233-5811

Impormasyon Yoro Railway ~ 「Tokai Jalan」 Bumabiyah Na!

Sa Yoro Railway ay bumabiyah na ang 「Tokai Jalan」 na nilagyan ng dekorasyon ng cute na pusa sa karakter na 「Nyarán」 sa labas at loob ng tren na pang 1 sasakyan lamang.

●**Petsa at Oras:** Hanggang Marso 26, 2017 (Linggo)

※Wala pang takdang oras para sa biyahé kaya't makipag-ugnayan sa impormasyong nasa ibaba.

●**Ruta ng Biyahé:** Buong riles ng Yoro Railway

●**Bayad:** Yoro Railway Ordinaryong Bayad

●**Para sa Katanungan:** Yoro Railway Co., Ltd.

☎0584-78-3400 (Ordinaryong Araw 9 a.m. ~ 6 p.m.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●**Hanaping Salita:** 養老鉄道

Impormasyon Magsasagawa ng "2017 - New Year Ceremony ng mga Pulis sa Gifu Ken"

Magsasagawa ng 「New Year Ceremony」 ang mga pulis sa Gifu para sa mga mamamayan upang magkaroon ng malapit na ugnayan. Sa araw na ito ay may gagawing martsa habang pumaparada, karaniwang inspeksyon, demonstrasyon sa publiko ng paghuli, pagtugtog ng banda ng musika at iba pa.

Panoorin ang isinasagawang training sa araw-araw ng mga pulis upang matugunan ang inaasahan at tiwala ng mamamayan.

※ Libre · Hindi kailangang ng aplikasyon

●**Petsa at Oras:** Enero 12, 2017 (Huwebes) 1:30 p.m. ~ 3:15 p.m.

●**Lugar:** OKB Gifu Seiryu Arena (Gifu Shi Yabuta Minami 2-1-1)

●**Para sa Katanungan:** Prefectural Police Education and Training Division

☎058-271-2424 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-272-9054

Paala-ala Protektahan ang Sarili Mula sa Pinsala ng Snow

Upang maprotektahan ang sarili mula sa pinsala ng snow, isaalang-alang ang mga sumusunod na punto.

① Maging alerto sa impormasyon ng panahon, mag-imbak ng mga kinakailangan sa pamumuhay at iwasan ang paglabas ng bahay kung inaasahan ang malakas na pag-ulan ng snow.

Lisanin agad ang lugar kung nakaramdam ng panganib sa sarili mula sa pagbagsak ng snow.

② Tanggalin kaagad ang naipon na snow kung patuloy ang malakas na pag-ulan nito. Gawin ito ng maramihan sa pamamagitan ng pagtutulongan sa komunidad.

Magsuot ng lubid na pangrescue at helmet; magkabit o maglagay ng hagdan at inspeksyonin ang anti-slip at mga kagamitang pang-snow upang maiwasan ang pagkahulog.

Patayin ang engine ng makinang pang-alis ng snow kapag tatanggalin ang nakabarang snow dito.

③ Magsuot ng non-slip o sapatos na hindi madudulas kung lalabas at hanggat maaari ay siguruhin na magagamit ang dalawang kamay anumang oras.

④ Palitan ng studless tire ang ordinaryong gulong ng sasakyan. Alisin ang anumang snow na nasa sasakyan upang makita ng mabuti ang kapaligiran.

●**Para sa Katanungan:** Prefectural Disaster Prevention Division

☎058-272-1125 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-271-4119

Ang impormasyong ito ay para sa kasalukuyan ng Nobyembre 8, 2016.

Para sa katanungan sa mga impormasyong nasa itaas, makipag-ugnayan sa:

Gifu Ken Public Relations Division ☎058-272-1111 (Dir. Ln.) (sa wikang Hapon lamang) **FAX** 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng: **Gifu International Center** <http://www.gic.or.jp/>